TALA NG EDITOR

# Sirang Plaka

**MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA, PH.D.**

Paulit-ulit nang sinasabi na mahalaga ang sariling wika at panitikan. Makulit at nakatutulig na raw. Tila sirang plaka kung ituring ng mga nagtanggal ng wika at panitikan sa batayang kurikulum sa kolehiyo ang mga nagtatanggol sa mga wika at panitikan ng bansa sa iba't ibang disiplina at larangan. Hindi na raw kailangang pag-aralan pa ang mga wika at panitikan ng Pilipinas sa kolehiyo dahil itinuturo na raw ito sa elementarya, hayskul at senior hayskul. Binawasan rin ang oras ng pagtuturo nito sa batayang edukasyon.

Iyan ang masaklap na katotohanan sa ating bayang sawi: kaliluha'y siyang nangyayaring hari. Paulit-ulit na ipinapako bilang pangungulit at pagpipilit ang sa katunaya'y karapatan at responsabilidad na gamitin, isulong, at paunlarin ang pambansa at mga sariling wika at panitikan. Ang mga gumagawa at nagpapatupad ng batas ay sila ring lumalabag sa mga batas. Sa ngalan ng ilusoryong globalisasyon at sa dikta ng neoliberal na internasyonalisasyon, pinaglalaho't pinapaslang ang pambansa at mga sariling wika at panitikan, gayundin ang kasaysayan, sa sistema ng edukasyon.

Ang pagsasantabi at pagpaslang sa wika, panitikan, at kasaysayan sa larangan ng edukasyon ay bahagi ng paglamon ng neoliberalismo sa sansinukob. Paulit-ulit nang naririnig ang terminong neoliberalismo, na madalas ay ibinabandila ng mga tagapagtaguyod at tagatulak nito bilang isang progresibo at rebolusyonaryong pilosopiyang pang-ekonomiya, pampolitika, at pangkultura. Ubod at buod diumano ng neoliberalismo ang pagtatanghal sa kalayaan ng indibidwal, ang pagbaklas sa mga hangganan na lumilikha ng malayang komunidad at palitan ng impormasyon at kalakal, at ang paglikha ng walang hangganang mundo at ng mamamayan ng mundo. Tila ang neoliberalismo ay isang sistemang malaya at mapagpalaya.

Ngunit taliwas ito sa tunay na buhay. Ubod at buod ng neoliberalismo ang pagtatanghal sa kapital, pagkamal ng labis na tubo para sa iilan, at pagsaid ng lakas-paggawa at likas na yaman mula sa maliliit at mahihirap na bansa tungo sa iilang dambuhalang maririwasang nasyon-estado. Ginagawa nitong normatibo ang pagsasamantala at ang pangangayupapa. Lohika ng pribatisasyon at komersiyalisasyon, tulad ng mamamasdan sa larangan ng edukasyon, ang pinananaig ng neoliberalismo. Kapuwa epistemolohikal at pragmatiko ang karahasan ng neoliberalismo nang hindi namamalayan ng mga tao na pinatatakbo na nito ang buhay sa mundo.

Paulit-ulit ang paalala: kailangang sistematikong suriin at labanan ang ganitong pinananaig na kalakaran. Makikita ang neoliberalismo sa pagpapasidhi ng pribatisasyon at komersiyalisasyon ng pampublikong sektor at serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon at kalusugan. Tinatanggal ang pampubliko, pangmadla, at pambansang katangian ng mga serbisyo, at sa halip ay ginagawang pribadong negosyo. Pinaiiral ang lohika ng neoliberalismo sa larangan ng edukasyon sa pamamagitan

ng pagsasadlak sa mga mag-aaral at mamamayan bilang kapital at lakas-paggawang ikinakalakal. Hinuhulma sila ng neoliberalismo upang maging maamo't sunod-sunurang mga tupa patungo sa pastulan ng global na kapitalistang pagsasamantala. Ang itinatanghal na mamamayang global o mamamayan ng mundo ay sa aktwal ipinapastol upang maging murang lakas-paggawa para sa eksploytasyon ng mga dambuhalang dayuhang monopolyo.

Kaya sa kalokohan ng lohikang ito, kung tutuusin, aanhin pa nga naman ang pambansa at mga sariling wika at panitikan kung dayuhang wikang Ingles ang global na wika ng neoliberalismo. Aanhin pa nga naman ba ang mga yunit sa wika, panitikan, sining, humanidades, agham panlipunan, at pilosopiya sa kolehiyo kung mga automaton – mga sunod-sunurang de-susing robotikong alipin – ang pangangailangan ng global na merkado. Dagdag semestre, dagdag taon, pampahaba lamang raw ng pag-aaral sa kolehiyo ang mga pesteng wika at panitikan – at kasaysayan – na iyan. Bawal at baduy raw ang nagmamahal sa pambansa at sariling wika. Talamak ang indibidwalismo, ang kultural at pilosopikal na lohika ng neoliberalismo: "in" ang indibidwal, "out" ang kolektibo. Natatapos daw sa neoliberalismo ang kasaysayan: panahon na ng pagkatapos-ng-katotohanan. Paano raw malalaman ang "true news" kung walang "fake news." Hindi raw mandarambong na imperyalista ang mga gobyerno ng Estados Unidos at Tsina: mga kaibigan daw sila. Ikinukubli ang lahat ng karahasan ng neoliberalismo sa tila mababangong taguring rasyonalisasyon, istrimlayning, demokratisasyon, at internasyonalisasyon. Pinupupog nang paulit-ulit ang psyche ng mamamayan sa ganitong mantrang neoliberal.

Ngayong pandemya, na pinalala ng pasismo ng pamahalaan, paulit-ulit ang panggigising. Paulit-ulit pa ring itinatambol na mahalaga at makabuluhan ang pambansa at mga sariling wika at panitikan sa pagharap sa pandemya at pasismo. Mismong mga manggagamot, medikal na propesyonal, manggagawa, lingkod-bayan, siyentista, ekonomista, taong-gobyerno, analistang politikal, mag-aaral, guro, at mamamayan na ang nagsasabi: hindi maunawaan ang pamahalaan at hindi madaling ipabatid at ipaunawa sa taumbayan ang sitwasyon ng bansa sa gitna ng pandemya dahil dayuhang wika ang wika ng pamahalaan, kalusugan, at iba pang sektor at ahensiya. May realisasyong-bayan patungkol sa wika ang sektor ng kalusugan: maisusulong ang karapatang pangkalusugan at karapatang pantao kung noon pa ma'y pinatatag na ang paggamit ng wikang pambansa at mga sariling wika sa pag-aaral ng at pagpapakadalubhasa sa agham at medisina, at sa anuman at lahat ng disiplina. Kung noon pa ma'y tiniyak nang ang anuman at lahat ng disiplina't larangan ay inaral, pinayabong, at pinaunlad gamit ang pambansang wika at mga sariling wika, sana'y walang guwang o minimal ang puwang sa pagkakaunawaan.

Sa gitna ng kawalang-katiyakan at kahungkagan ng marahas na pamamaraan ng pamahalaan sa pagharap sa pandemya, paulit-ulit na nakikita: nasa kolektibong pagkilos ng mga komunidad ang pag-asa, kabilang ang kolektibong paggamit at pagpapaunlad ng mga komunidad sa kani-kanilang mga sariling wika. Narito ang ugnayan ng wika, tao, at lipunan: winiwika ng kolektibong pagkilos ang kolektibong mithiin ng mamamayan: mula community pantry hanggang komunidad ng mga tagasalin.

Ang pag-uulit, kung gayon, ay hindi payak na pangungulit. Ito'y isang paggigiit.

Hindi sira ang plaka. Ang tunay na may sira ay silang ayaw makinig sa pinatutugtog ng plaka. Ang tunay na sira ay ang sistemang paulit-ulit na pumapaslang sa wika, panitikan, kultura, kasaysayan ng bansa, at maging sa mamamayan. Walang mali sa pag-uulit at paggigiit. May mali kaya nag-uulit at naggigiit.